Magasin ng mga mainit pang impormasyon sa Fukushima

# Heartful Fukushima

Hiwalay na pahayagan

Fukushima Disaster Volunteer Center Newsletter

**Vol.8** Hunyo 13, 2011 nilathala

Ukol sa Impormasyong Magasin na ito


Ang impormasyong magasin na ito ay para maipaalam sa lahat ang puwedeng makatulong agad na impormasyon,mga aktibidades ng mga boluntaryong sumusuporta sa mga biktima ng kalamidad at nasalantang lugar. Ipinamimigay ito sa Disaster Volunteer Center sa loob ng Prepektura. (Isang beses sa isang lingo inilalabas)
Pakibigay lamang po nang mga komento o opinyon sa mga sumusunod.

Tagalathala:Fukushima Prefecture Council of Social Welfare
Fukushima Disaster Volunteer Center
111 Watari Aza Nanashamiya, Fukushima City 960-8141
Fukushima General Social Welfare Center, 1F
**Tel: 024-522-6540** Fax: 024-523-4477
**http://www.pref-f-svc.org**

## Ulat ng Boluntaryo 1 — Heart-Net Fukushima



▲Ang kalagayan ng pagluluto ng tanghaliang isinagawa sa Parseiizaka (Fukushima City) noong ika-6 ng Hunyo. Ang luto sa araw na ito ay [Misong Sabaw na may Toge]. Tinugunan ang kahilingan na [gusto naming uminom ng karaniwang misong sabaw] kaya kami ay nagluto kasama ang mga tauhan ng samahan.



▲Ang ginamit na materyales sa pagluluto ay galing sa Perepaktura ng Miyazaki. Nagkaroon ng kaugnayan dahil sa pagtulong sa mga napinsalang magsasakang pamilya noong pumuputok ng bulkang Shinmoedake.

### Hindi ka nag-iisa. Lagi kaming nasa tabi mo. Mula ngayon papahalagahan pa rin ang kaugnayan ng mga puso sa tuluyang pagbibigay ng suporta.



[Ano ang ulam ngayon?] [Misong sabaw.] Ang mga karaniwang pag-uusap tulad nito ay ang kaligayahan ng mga gumagawa ng aktibidad.▶

Ang [Heart-Net Fukushima], na isa sa mga samahang bumubuo sa Fukushima Disaster Volunteer Liaison Council, ay isang samahang nabuo mula sa [Hanshin Great Earthquake Volunteer Dispatch Committee ng Koriyama] na nagpadala ng mga boluntaruo mula sa perepaktura ng Fukushima noong taong 1995 nang nangyari ang malaking sakuna sa Hanshin-Awaji. Mula noon, ang mga may kaugnayan sa welfare na mga tangapan sa paligid na lugar at ang mga boluntaryo sa panahon ng sakuna mula sa buong bansa ay pinagka-isa na pinahalagahan ang [kaugnayan ng mga puso] habang tuluyang gumagawa ng mga aktibidad. Sa malaking sakunang nangyari ngayon, nais naming magbigay tulong sa pinaka-nahihirapang bagay kaya naging tagapamahala ng mga pagluluto. Sa tulong ng NPO na samahang Tochigi Volunteer Network, at mga grupo ng mga boluntaryo, pinalawak ang sakop ng tinutulungan mula sa maliliit na shelter sa loob ng Koriyama City hanggang sa paligid ng mga lugar ng Koriyama City, sa Iwaki City, sa Nakadori at sa mga humihiling ng tulong na mga lugar. Naalala ng chairman ng board of directors na si Yoshida, Kimio na [Natuwa sila sa mga maiiinit na luto tulad ng misong sabaw at stew.]. Sa pagpunta sa iba't-ibang mga lugar na may shelter, napansin din nila ang kaibahan ng mga pagkain. [Upang maging pantay-pantay ang pagturing, hiniling din ang kanilang mga kuru-kuro.] Tungkol naman sa sinisimulang pansamantalang pabahay, ayon kay G. Yoshida, [Sa palagay ko ang pinakamahalaga ngayon ay ang ipaalam sa kanila na laging may mga taong tutulong sa kanila upang maging mapayapa ang kanilang kalooban.]. Hindi kayo nag-iisa, palagi kaming naririto. Sinabi nila na tutuyan ang kanilang pagtitingin at pagbibigay tulong.



▲Ang ginawang pagluluto noong mga katapusan ng Marso sa Yotsukura sa Iwashi City. Nang anyayahan sa salu-salo, nagtipun-tipon ang mga taong hindi makagalaw na gamit ang kanilang mga sasakyan kaya hindi makapamili ng pagkain, ang bilis na naubos ang niluto na para sa 700 tao.

## Ulat ng Boluntaryo 2

### Mga bokuntaryong pansamantalang nag-aalaga sa mga hayop ng mga biktima ng sakuna

Sa malaking sakunang nangyari ngayon, iba't-ibang mga uri ng boluntaryo ang kumilos upang mabigyan ng kalutasan ang mga suliranin ng mga naging biktimang mga tao. Isa sa mga uri ng boluntaryo ay ang mga nag-aalaga sa mga alagang hayop sa halip ng mga may-ari. Si Watanabe, Hiroko na nakatira sa Fukushima City ay hindi mapakali kapag na-isip niya ang hirap na nararanasan sa pagkahiwalay ng kasama sa buhay na alagang hayop kaya pagkatapos ng lindol siya ay nagparehistro bilang isang [boluntaryong pansamantalang mag-aalaga sa mga alagang hayo ng mga biktima]. Sa kabilang panig naman, nalaman ni Watanabe, Shigeko, na nakatira sa Iitate-mura na isa sa itinalagang lugar na pupuntahan ng mga biktima, na hindi maaaring magsama ng mga alagang hayop sa kanyang lilipatan. Ang nagtugma sa kanila ay ang boluntaryo na pansamantalang mag-aalaga ng mga alagang hayop ng mga biktima. Noong binisita naming ang alagang aso ni Gng, Shigeko na si "Maru (9 na taong gulang)" na umpisang tumira sa Fukushima City mula noong ika-22 ng Mayo, [Nasasanay-sanay na siya sa pamumuhay niya rito.] ayon kay Gng. Hiroko. Hanggang muli mong makasama ang amo mo, magpalambing ka ng husto diyan, ha.

Si Gng. Shigeko at ang kanyang alagang aso na si "Maru" noong araw na iniwan niya ang aso. Pinapaalam ang kalagayan ng alagang aso sa pamamagitan ng telepono at postkard. Tuluyan ang kanilang pakikipag-ugnayan. ▶





▲Naging magkaibigan na sila ni "Taro" na dati nang nakatira doon.

## Pagpapakilala ng mga local na samahang nagsusuporta

### Junior Chamber ng Aizu

Ang Junior Chamber ng Aizu ay nagtayo ng grupo para sa mga ambag na pera at mga gamit para sa mga biktima pagkatapos mismo ng sakuna, at sila ay nakipag-ugnayan sa Social Welfare Council ng Aizuwakamatsu City upang ipunin at ipamigay ang mga ambag na bagay mula sa buong bansa, at upang isagawa ang mga aktibidad tulad ng pagluluto. Isa sa kanilang isinagawa ay ang pagbigay ng maliit na trak sa Soma Disaster Volunteer Center. [Alam naming mahirap ngunit baka magawan ninyo ng paraan.] Upang matugunan ang kahilingan ng Soma Disaster Volunteer Center, binili agad nila ang trak at ihinatid. Ayon kay Director Igarashi, Kotaro, [Kami ay magkaka-isa na tuluyang magbibigay ng aming suporta.]. Maririnig sa kanyang boses ang umaapaw ang pagkabata at lakas.



▲Sa harapan ng mga bagay na inambag ng Mutsu JC para sa mga biktima. Mula sa kaliwa ay ang dating chairman ng board of directors ng Nagamine na si Miyamori, at ang chairman ng board of directors ng Mutsu JV na si Director Igarashi.



▲Ang maliit na trak na ibinigay sa Soma City Disaster Volunteer Center noong Mayo 14, 2011.

### Utsukushima NPO Network


Itinatag ng Utsukushima NPO Network (UNN) ang [Koriyama Base], [Aizu Base] at [Iwaki Base] na mga tangapan na mamamahala at mamimigay ng mga gamit para sa mga biktima, pagkatapos mismo ng lindol. Tuluyan din na sila ay nagbigay ng masugid na suportang pang-emerhensiya na sumalba ng maraming buhay. Maliban dito, sila ay nagpakilala ng mga tao upang maging tauhan sa Fukushima Disaster Volunteer Center. Ipinagkita-kita ang mga taong nais sumali sa mga aktibidad ng boluntaryo, at sila rin ay nakikikag-ugnayan sa iba't ibang samahan upang matipon ang mga kasalukuyang kinakailangang mga bagay at mga parte ng makina, upang matugunan ang pangangailangan. Ayon kay Kurozawa, Kensuke (UNN), [Mula ngayon, kailangan ang suporta para sa pag-ayos ng bayan. Kami ay naghihintay ng tawag kahit kailan man mula sa mga taong nais magbigay ng mapagmahal na tulong at suporta. Bilang kinatawan ng mga NPO na samahan, si Kurozawa ay pirmihan na nasa Disaster Volunteer Center ng perepaktura upang tumanggap ng mga tawag. Tumatanggap din ng mga tawag sa Utsukushima NPO Network.]. Ang lahat ay magkakasama na ang pakay ay ang pag-ayos ng bayan.



▲Kurosawa, Kensuke(Tagapagpayo ng Utsukushima NPO Network tungkol sa mga tulong na ginagawa para sa local na komunidad)

**Disaster Volunteer Center ng mga bayan MAPA**

Noong ika-13 ng Hunyo, 32 lugar na ang na-itatag.



## ★ Fukushima Disaster Volunteer Center ……Tel: 024-522-6540

| Lugar | Blg. | Center |
|---|---|---|
| Hilagang parte ng perepaktura | 1 | Fukushima City Disaster Volunteer Center |
| | 2 | Nihonmatsu City Disaster Volunteer Center |
| | 3 | Tate City Disaster Volunteer Center |
| | 4 | Motomiya City Disaster Volunteer Center |
| | 5 | Kori Town Disaster Volunteer Center |
| | 6 | Kunimi Town Disaster Volunteer Center |
| | 7 | Otama Village Disaster Volunteer Center |
| Gitnang parte ng perepaktura | 8 | Koriyama City Disaster Volunteer Center |
| Gitnang parte ng perepaktura | 9 | Odagaisama Center (Volunteer Center para sa Pangkabuhayang-Suporta sa Big Palette) |
| | 10 | Sukagawa City Disaster Volunteer Center |
| | 11 | Tamura City Disaster Volunteer Center |
| | 12 | Kagami-ishi Town Disaster Volunteer Center |
| | 13 | Tamakawa Village Disaster Volunteer Center |
| | 14 | Hirata Village Disaster Volunteer Center |
| | 15 | Ono Town Disaster Volunteer Center |
| Timog na parte ng perepaktura | 16 | Shirakawa City Disaster Volunteer Center |
| Timog na parte ng perepaktura | 17 | Nishigo Village Disaster Volunteer Center |
| | 18 | Yabuki Town Disaster Volunteer Center |
| Aizu | 19 | Aizu-Wakamatsu City Disaster Volunteer Center |
| | 20 | Kitakata City Disaster Volunteer Center |
| | 21 | Kita-Aizu Town Disaster Volunteer Center |
| | 22 | Bandai Town Disaster Volunteer Center |
| | 23 | Inawashiro Town Disaster Volunteer Center |
| | 24 | Aizu-Bange Town Disaster Volunteer Center |
| Aizu | 25 | Showa Village Disaster Volunteer Center |
| | 26 | Aizu-Misato Town Disaster Volunteer Center |
| Timog-Aizu | 27 | Shimogo Town Disaster Volunteer Center |
| Sousou | 28 | Shinchi Town Disaster Volunteer Center |
| | 29 | Soma City Disaster Volunteer Center |
| | 30 | Minami-Soma City Disaster Volunteer Center(Kashima Ward) |
| | 31 | Minami-Soma Disaster Volunteer Center (Hara-machi Ward) |
| Iwaki | 32 | Disaster Volunteer Center ng Lunsod ng Iwaki |